Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG OKTUBRE 1, 2007, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:20 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. ALAN T. PAMATMAT . . . . . . . . . | PANG. PUNONG BAYAN |
| Kgg. Louie C. de Leon . . . . . . . . . | Kagawad<br>Gumanap na Tagapangulo |
| Kgg. Ramon D. Tan . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Jun M. Asinas . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Romulo A. Elca . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Laura P. Obligacion . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Alden A. Sulit . . . . . . . . . | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |

DI-DUMALO

| | |
|---|---|
| Kgg. Mike Jomel M. Ombico . . . . . . . . . | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

**KAPASIYAHAN BLG. 132-T'07**

**KAPASIYAHANG PANSAMANTALANG IPINAGPAPALIBAN ANG PAGPAPATUPAD NG UMIIRAL NA BATAS TRAPIKO SA BAYANG ITO UPANG BIGYANG-DAAN ANG ISASAGAWANG PAGSUBOK / EKSPERIMENTO MULA SA OKTUBRE 15 HANGGANG NOBYEMBRE 15 NG TAONG ITO.**

**SAPAGKA'T,** may kahilingan si Inhr. Darryl M. Alagon, Pambayang Administrador, sa pag-aatas ng Kgg. Punong Bayan Ariel T. Magcalas na pansamantalang suspindihin ang umiiral na batas-trapiko sa bayang ito upang bigyang daan ang isasagawang eksperimento sa pagbabago ng trapiko;

**SAPAGKA'T,** layunin ng naturang panukala na mapag-ukulan pa ng higit na pag-aaral at tamang pagpapatupad sa daloy ng trapiko.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Ricardo B. Ramirez, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Alden A. Sulit at Roselon F. Pamatmat at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang pansamantalang pagsususpinde / pagpapaliban sa pagpapatupad ng umiiral na batas-trapiko na itinatadhana ng Kautusang Bayan Blg. 04-T'06 upang bigyang-daan ang isasagawang pagsubok / eksperimento sa pagbabago ng daloy ng trapiko sa bayang ito mula Oktubre 15 hanggang Nobyembre 15 ng taong ito, na ang masasaklaw ay mga kalapit na daan at palibot ng Gusaling Pamahalaang Bayan, ayon sa nakalakip na sketch map.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Kagawaran ng Pulisya, Sta. Cruz Traffic Management Office, Liga ng mga Barangay at Samahan ng mga Magtatraysikel at Jeepney, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**
**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

ORIGINAL SIGNED
**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

ORIGINAL SIGNED
**KGG. LOUIE C. DE LEON**
Kagawad
Gumanap na Tagapangulo

PINAGTIBAY:

ORIGINAL SIGNED
**KGG. ARIEL T. MAGCALAS**
Punong Bayan